# *Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 7*

## *Maging Responsable sa Iyong mga Magulang at Makayang Makipagtulungan at Makipag uganyan sa mga Hindi Perpektong Tao*

***"3 At naparoon si David mula roon sa Mizpa ng Moab, at kaniyang sinabi sa hari sa Moab: Isinasamo ko sa iyo na ang aking ama at aking ina ay makalabas, at mapasama sa inyo, hanggang sa aking maalaman kung ano ang gagawin ng Dios sa akin. 4 At kaniyang dinala sila sa harap ng hari sa Moab: at sila'y tumahan na kasama niya buong panahon na si David ay nasa moog." (1 Samuel 22:3-4 KJV)***

Si David ay responsable sa kanyang mga magulang. Matapos siyang tumakas mula kay Haring Saul, siya ay pumunta upang humingi ng matutuluyan para sa kanyang mga magulang sa Moab. Natatakot siya na maaaring lusibin ni Saul ang kanyang mga magulang, kaya't siya ay responsable na hanapan sila ng isang ligtas na lugar hanggang sa siya ay makabalik.

Si Jesus din ay responsable sa kanyang inang si Maria, habang siya ay nasa krus. ***"25 Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. 26 Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan." (Juan 19:25-27 KJV)*** Ang ina ni Jesus ay hindi lubos sa kalaliman sa pananampalataya tungkol sa plano ng kaligtasan ng Dios; siya ay patuloy na natatakot para sa kanyang anak dahil sa banta ng mga Fariseo at sa kanilang masasamang plano laban sa Kanya. Nang harapin ang katotohanan na si Jesus ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanglibutan at para iligtas ang mga tao, si Maria ay nangangailangan ng mga taong mag-aalaga sa kanya at gagabay sa kanya sa espiritwal. Nang makita ni Jesus ang Kanyang ina at ang minamahal na alagad na nakatayo sa malapit, nakita Niya ang isang pagkakataon para sa paglilingkod sa Dios, at upang tuparin ang Kanyang pananagutan sa Kanyang ina, kaya tinawag Niya ang Kanyang minamahal na alagad upang alagaan ang Kanyang ina. Ang ginawa ni Jesus ay napaka mabisa dahil nabasa natin sa aklat ng Mga Gawa na si Maria at ang mga kapatid ni Jesus ay kabilang sa 120 na mga alagad na nagpupulong, nananalangin, at naghihintay sa pagdating ng Banal na Espiritu. ***"14 Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya." (Mga Gawa 1:14 KJV)*** Totoo na si Maria ay nanatili kasama ang mga alagad at siya ay nakasaksi kasama nila ng muling pagkabuhay ng Panginoon mula sa mga patay, ang Kanyang pag-akyat sa Langit, at kalaunan siya rin ay tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu.

Tulad nina David at Jesus na nag-alaga at nagmalasakit para sa kanilang mga magulang na mapasa tamang kapaligiran at malayo sa mga banta, nararapat din nating alagaan ang ating mga magulang at gawin ang ating makakaya upang sila ay pakilusin at maihatid sa tamang pananampalataya. Dapat tayong mag-alala para sa ating mga magulang hindi lamang sa pisikal kundi higit sa lahat, sa espiritwal. Kung sila ay hindi nananampalataya kay Cristo Hesus, kailangan nating ipakita sa kanila ang Salita ng Dios sa lahat ng posibleng paraan upang sila ay makasama ng Panginoon at natin sa paglilingkod sa Dios at kalaunan ay sama-sama tayong naroon sa Langit.

* Sa katotohanan, may agarang pangangailangan sa pagbibigay ng mensahe ng Evangelio sa ating mga magulang dahil sila'y matanda na. Oo, maaring mabuhay pa sila ng mas matagal at lampas sa inaasahan, ngunit kailangan na nilang makilala ang Tagapagligtas habang mayroon pa silang oras para maglingkod sa Kanya. * Habang inaalagaan natin ang ating mga magulang, nananalangin para sa kanila, at nagbibigay at nagbibigay-proteksyon sa kanilang pisikal at espiritwal na pangangailangan, sila ay mamumuhay ng masaya, makabuluhan, at produktibong buhay, nagbabahagi at nagbibigay ng biyaya sa iba.

***Sa aking Mahaal at Minamahall:*** Maraming mga bayani ng pananampalataya ang tinawag ng Dios sa kanilang katandaan. Tinawag ng Diyos si Abraham at Moises sa kanilang katandaan at pinangunahan nila ang marami upang makilala ang Dios. Ang ating mga magulang ay maaari ring tawagin ng Dios sa kanilang mabuting katandaan at magiging daan para sa marami patungo kay Cristo. Kaya't gawin natin ang ating tungkulin at tuparin ang layunin ng Dios na ipakita ang ating kagustuhang alagaan, at panatilihin ang ating pananagutan sa ating mahal na mga magulang.

Patuloy naming pag-aaralan ang buhay ni Haring David at makikita natin kung paano siya nakipagtulungan at nakipag-ugnayan sa mga hindi perpekto na tao upang matupad ang layunin ng Dios sa kanyang buhay. ***"2 At bawa't isa na napipighati, at bawa't isa na may utang, at bawa't isa na may kalumbayan ay nakipisan sa kaniya; at siya'y naging punong kawal nila: at nagkaroon siya ng may apat na raang tao." (1 Samuel 22:2 KJV)*** Sa kabila ng pakikipagtulungan ni David kasama ang mga hindi perpektong tao, nagtagumpay ang kanyang misyon. Nakasama niya ang mga tao na may matinding pangangailangan at nagampanan ang kanyang

mga serbisyo. Hindi siya nawalan ng pag-asa, hindi siya nasindak. Sa halip, tinanggap niya ang lahat ng mga tao na nagtipon sa kanyang paligid, anuman ang kanilang mga problema o pagkakamali. Tulad ni David at bilang alagad ng Panginoon, kailangan mong matutong makipagtulungan at makipag-ugnayan sa mga hindi perpektong tao tulad ng inilarawan sa ibaba:

***A. Mga tao sa kalumbayan:*** Ito ang mga tao na nabubuhay sa mga tulad ng pagkakaroon ng mga malubhang sakit, kanser, may kapansanan, walang trabaho, at iba pa. Ang mga ganitong uri ng tao ay wala sa posisyong magbigay ng serbisyo, sa halip ikaw ang kailangang magbigay at maglingkod sa kanila. Kailangan mong maging isang maawain na tao. ***"12 Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang pusong mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod:" (Colosas 3:12 KJV)*** Kailangan mong ilayo ang mga ito sa mga kagipitan sa kanilang buhay. Kailangan mong bigyan sila ng ginhawa, at pagkatapos ng kanilang paggaling kailangan nilang mabago upang pangasiwaan ang buhay. Sa wakas, dapat mong sanayin at turuan upang maging mabunga.

Kaya, makipagtulungan ka sa Panginoon sa pagsagip ng mga ganitong uri ng tao. Bigyan sila ng tulong upang iligtas sila mula sa kanilang mga problema at kagipitan Tulungan sila at turuan ng Salita ng Dios. Higit sa lahat, tulungan silang makita ang magandang plano na inihanda ng Panginoon para sa kanila at sa tulong ng Panginoon, madali silang mamumungan.

Kadalasan, gusto mong makipagtulungan sa mga taong maginhawa upang makakuha mula sa kanila, dahil ayaw mong magdusa o ayaw mong mamuhunan sa buhay ng mga tao. Ngunit si Jesus ay nakipagtulungan sa mga taong nasa kagipitan. Pumasok siya sa kanilang mga buhay at iniligtas sila at inilabas sila mula sa kanilang mga problema. Ipinakita niya sa kanila ang bagong buhay na inihanda niya para sa kanila. Tinuruan Niya sila sa Kanyang Salita, sinanay sila sa Kanyang mga pamamaraan, pinalakas sila sa Banal na Espiritu, at sila ay naging mga mabunga na tao.

***B. Mga tao na may utang:*** Walang gustong makipagtulungan sa mga tao na may utang dahil ang unang bagay na itatanong nila sa iyo ay ang bigyan sila o pautangin sila ng pera. Pero sino ang nagsasabi sa iyo na kailangan mong bigyan sila ng pera! Ang kinakailangan mong ipatupad ay ang mga sumusunod:

1. Huwag magbigay ng pera, o kung magbibigay ka man o uutangin, dapat ito ay may ilang o lahat ng natitirang mga bagay sa listahan.
2. Ang kanilang unang pangangailangan ay ang Dios at hindi pera.
3. Ibigay ang mensahe ng Dios at ang Kanyang Salita.
4. Kailangan nilang ibigay ang kanilang buhay kay Dios. Ituro sa kanila na ibigay ang kanilang buhay sa Dios.
5. Ituro ang Salita ng Dios kung paano pangasiwaan ang kanilang buhay batay sa Kanyang Salita.
6. Turuan silang magtrabaho at kumita ng kanilang kabuhayan.
7. Bigyan sila ng tulong upang matulungan sila sa kanilang mga pasanin.
8. Turuan silang manalangin sa Dios at humingi sa Kanya na maglaan para sa kanila.
9. Turuan silang mag-budget ng kanilang mga gastos ayon sa kanilang kita.
10. Turuan silang magbayad ng kanilang mga ikapu upang buksan ang Panginoon ang mga pintuan ng Langit at pagpalain sila, at sawayin ang salot sa kanilang buhay. ...
11. Turuan silang bumili ng mura ngunit maganda ang kalidad na mga bagay para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at pamumuhay.
12. Iutos sa kanila na bayaran ang kanilang mga utang.
13. Matapos nilang mabayaran ang kanilang mga utang, turuan silang mag-ipon.

***C. Mga tao na hindi kontento:*** Ito ang mga taong mapag alala sa mangyayari at palaging may negatibong pag-iisip. Sila ang mga tao na patuloy na nagrereklamo at bumabatikos sa iba't ibang aspeto ng kanilang buhay. Ang katotohanan ay, 'Walang sinuman ang nais makipagtulungan sa mga tao na nagbibigay ng sakit ng ulo at problema.' Lahat ay nais makipagtulungan sa mga tahimik at malinaw ang isip, ngunit hindi mo laging matatagpuan ang mga ganitong tao. Ayaw mong makipagtrabaho sa mga tao na hindi kontento, ngunit minsan wala kang ibang pagpipilian kundi ang tanggapin ang makipagtrabaho sa kanila. At kung handa mong tanggapin, ang Dios ay magbibigay sa iyo ng kakayahan na maging epektibo sa iyong paglilingkod sa kanila. Ang Dios ay magbibigay sa iyo ng higit pang kahinahunan, pagtitiyaga, at bibigyan ka niya ng dagdag na biyaya upang pagtiyagaan sila hanggang sila ay mailigtas mula sa kanilang masamang ugali. Ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng karunungan kung paano sila pakitunguhan at kung paano sila patnubayan upang maging kapakipakinabang. Balang araw, makikita mo ang kanilang buhay sa ibang pananaw.

Napakahirap magsimulang maglingkod sa Dios at makipagtulungan sa mga hindi perpektong tao ngunit ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa iyo kung paano ilapat ang Kanyang pag-ibig at Kanyang biyaya, at tutulungan ka

Niya upang makamit ang marami. Ito ang ipinag-utos sa iyo ng Dios na gawin at maging, upang paglingkuran ang Kanyang layunin at ang henerasyong nakapaligid sa iyo.

Ang mga sumusunod na pagkain (Spiritual at Pisikal) na maaari nating ibahagi ay:

1. Maaari tayong manalangin para sa mga tao at makialam sa kanilang ngalan at hilingin sa Panginoon na ipakita ang Kanyang sarili sa kanila at tugunan ang kanilang mga pangangailangan.
2. Maaari nating ibahagi sa kanila ang mensahe ng kaligtasan, na si Jesus ay namatay para sa kanilang mga kasalanan sa krus upang bigyan sila ng buhay na walang hanggan.
3. Maaari tayong magbigay ng payo at magturo sa kanila mula sa Salita ng Dios upang malutas ang kanilang mga problema at magkaroon sila ng tamang direksyon sa kanilang mga buhay.
4. Maaari nating ibahagi sa kanila ang mga bagay na materyal na kanilang kailangan tulad ng pagkain, damit, tirahan, transportasyon, tulong medikal, gamot, at mag-alok ng payo medikal.

Ang Panginoong Jesu-Cristo sa Kanyang misyon sa lupa ay nakipagtulungan sa mga karaniwang tao na may mga pagkukulang. Itinataas Niya sila at sila ay naging mga epektibong manggagawa, tapat na mga disipulo at mga mabungang apostol na naglingkod sa layunin ng Dios. Dinala nila ang misyon sa iba pang mga lugar at sa susunod na mga henerasyon. Ngayon, ang Panginoon ay itataas ka rin upang mangaral, magdisipulo at sanayin ang mga manggagawa na magiging epektibo, mabunga at produktibo upang dalhin ang Salita ng Dios sa ibang mga lugar at sa mga susunod na henerasyon na darating.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Iniwan ng Panginoong Jesu-Cristo ang Kanyang komportableng lugar sa Langit. Bumaba Siya upang iligtas ang mga tao mula sa kasalanan at sa kamatayan. Ngayon, tinatawag Niya tayo upang ipagpatuloy ang gawain. Kaya't sa pag-alis sa ating mga komportableng lugar, dapat tayong magpatuloy sa paglilingkod sa iba at upang makamit ang layunin ng Dios sa ating buhay.

Manalangin tayo….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na ipinaalala sa aking pagmalasakitan ang aking mga magulang sa pisikal at espirituwal, na silang maglingkod sa iyo at gawin ang iyong mga gawa at kalooban. Panginoon salamat para sa pagpapaalala sa akin at pagtuturo sa akin na makipagtulungan sa mga hindi perpektong tao. Panginoon salamat para sa lahat ng mga pagsuway, pagtutuwid at pagpapayo na tinanggap ko mula sa mensaheng ito.*

*Ipahayag at talikdan ngayon ang lahat ng iyong kasalanan. Ipagtapat ang iyong kawalang-ingat at kakulangan ng malasakit sa mga pangangailangan ng iyong mga magulang, sa pisikal at espirituwal. Ipagtapat at itakwil ang iyong kakulangan ng kahinahunan at ang iyong kawalang kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan ng pananampalataya sa Dios at sa Kanyang kapangyarihan. Ipagtapat at talikdan ang iyong makasariling pag- uugali at ang iyong kawalang-kayang tumulong sa iba at makisama sa kanila sa kanilang mga problema at mahihirap na panahon. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan ng habag at kabaitan sa mga taong nasa kagipitan. Ipagtapat at itakwil ang iyong pagiging makamundo, ang iyong masamang pamamahala, ang iyong pagkakaibigan sa mga hindi nananampalataya, at ang iyong pagsasayang ng oras sa Media, Balita at mga laro. Talikdanl ang paggawa ng iyong sariling plano at kalooban at hindi ang kalooban ng Dios. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa panalangin. Panginoon, patawarin mo ako, ako ay nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ________________________________________.*

*Panginoong Dios, salamat sa mga natutunan ko mula sa Iyong Salita. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na ipatupad ang Iyong Salita sa aking buhay; alagaan ang aking mga magulang at tiyakin ang kanilang mga pangangailangang pisikal sa kanilang pagtanda, at alagaan sila sa espiritwal sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng Evangelio at ng Iyong Salita upang sila ay maging mga lingkod Mo, at ang kanilang buhay ay magbigay inspirasyon sa iba na sumunod sa Iyo. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na makipag uganayan sa mga tao na nasa kalumbayan, may utang, at mga hindi kontento upang matulungan silang makalabas sa krisis at mga problema na kanilang kinakaharap at upang makilala Ka at simulan ang paglilingkod sa Iyo. Panginoon, bigyan Mo ako ng higit pang kaalaman at turuan akong paano ipatuloy ang Iyong mensahe sa isang mas epektibong paraan. Panginoon, tulungan Mo akong mag-evangelio, gumawa ng mga disipulo at magturo ng mga manggagawa upang maglingkod sa Iyo. Bigyan Mo ako ng kahinahunan, karunungan, at pagtitiis. Panginoon, bigyan Mo ako ng kakayahang gawin ang mga marangal na gawain upang ako ay makapaglingkod sa Iyong layunin. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, hinihiling ko sa iyo na tulungan mo akong makipag-ugnayan sa sumusunod na mga tao upang dalhin sila sa iyo ________________________________ .*

*Panginoon, salamat sa aking Mga Kapatid na nagbigay ng kanilang sarili upang alagaan ang pisikal at espirituwal na pangangailangan ng kanilang mga magulang, at na handang umabot sa ibang mga imperpektong tao na nangangailangan sa iyo. Panginoon, tulungan mo silang makapagbigay ng mas maraming bunga ng Espiritu, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kabaitan, kabutihan, pananampalataya, pagtitiis, pagpipigil sa sarili, at mahabang pagtiis, upang makita ng mga tao si Hesus sa kanilang mga buhay. Panginoon, palakasin mo sila at bigyan sila ng pagtitiyaga sa paglilingkod sa iyong mabuting layunin sa kanilang mga buhay. Panginoon, protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.*

*Panginoon, ipinangako namin ang aming mga sarili bilang iyong simbahan upang isagawa ang mga natutunan namin sa mensahe ngayon sa pag-abot sa aming mga magulang at sa mga tao na nasa kagipitan, utang at hindi kontento at gawing bagong mga alagad at manggagawa mo. Panginoon, patuloy mo kaming gabayan sa pamamagitan ng iyong Banal na Espiritu upang gawin ang mga bagay na nais mong gawin namin. Panginoon, puspusin mo kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang yumaon at mangaral, at gumawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtatag ng mas maraming pag-aaral ng Biblia at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 7. Maging Responsable sa Iyong mga Magulang at Makayang Makipagtulungan at Makipag uganyan sa mga Hindi Perpektong Tao. 1 Samuel 22:3-4. Juan 19:25-27. Mga Gawa 1:14. 1 Samuel 22:2. Colosas 3:2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com